TOMO 9 BILANG 4 | ISSN NO. 2599-5405 | ABRIL 2022

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

## BOTICARD, BINUKSAN ANG BAGONG SANGAY SA LEGASPI

*ni Victor Angelo Aranza*



*Minomonitor ni Nurse Leslie Libot (kanan) ang blood pressure ng isang kustomer bilang bahagi ng aktibidad ng pagbubukas ng sangay ng BotiCARD sa Legaspi City.*

Upang maghatid ng mas malawak na serbisyong medikal, muling nagbukas ng panibagong sangay ang BotiCARD sa Legaspi City noong Abril 4, 2022.

Bilang bahagi ng selebrasyon nito, ang mga kustomer ay nakatanggap ng 20% diskwento sa mga generikang gamot. Naghatid din ang BotiCARD ng libreng konsultasyong pangkalusugan at pagmo-monitor ng *blood pressure.*

Ang sangay na matatagpuan sa Penida Buiding, 1 Rizal Street, Legaspi City ay ang ika-12 sangay nito sa buong bansa.

Ayon kay BotiCARD President Rosenda P. Aquino, ang pagbubukas na ito ay makapagpapalawak ng abot nitong makatulong sa mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng paghahatid ng mura at dekalidad na mga gamot at serbisyong pangkalusugan.

**Higit pa sa parmasya**

Maliban sa paghahatid nang mura at dekalidad na mga gamot, hinihigitan pa nila ang serbisyo nito upang mas buo ang serbisyong maibigay ng BotiCARD sa mga komunidad. Nagpupunta rin ang mga pharmacy assistant kasama ang mga account officer ng CARD sa malalayong komunidad upang mag-alok ng

2




## KONEK2CARD, UMABOT NA SA 2 MILYONG USERS; MAGHAHATID PA NG KARAGDAGANG SORPRESA

*ni Victor Angelo Aranza*

Walong buwan matapos maitala ang isang milyong *registered users* ng konek2CARD, naabot ng *mobile banking app* ng CARD MRI ang

2

### KWENTONG TAGUMPAY

**BUHAY SA LIKOD NG MANIBELA**

3

### KWENTONG TURISMO

**PINALAKAS NA KABABAIHAN, PAGBANGON NG TURISMO**

4

Basahin ang isyung ito upang manalo ng ₱50.00 load via konek2CARD!

**Ilan na ang sangay ng BotiCARD ngayon?**

Ikomento ang inyong kasagutan sa aming KOAderno post sa aming official facebook page @PublishingHouseInc.



## BOTICARD, BINUKSAN ANG ...

1

*over-the-counter* na mga gamot upang masiguro na may akses pa rin ang mga ito sa medikal na serbisyo.

Sa pakikipag-ugnayan sa CARD MRI Insurance Agency (CaMIA) at CARD Pioneer Microinsurance Inc. (CPMI), bumuo ang mga ito ng produktong BotiCARD Healthcare Plus (BHP), isang taunang suskripsyon na naghahatid ng gamot sa panahon ng pangangailangan. Maaari itong maglaman ng bitamanina at *maintenance* at *emergency medicines*.

Plano pa rin ng BotiCARD na magbukas ng iba pang sangay nito upang mapalawig pa ang serbisyo nito sa buong bansa. Para sa iba pang impormasyon ukol sa produkto at serbisyo ng BotiCARD, bisitahin lamang ang opisyal na Facebook page nito sa @ boticardOfficial.

## KONEK2CARD, UMABOT NA SA...

1

dalawang milyon nitong *registered users*.

Nang magsimula ang kampanya ng konek2CARD noong Pebrero 2021, tumaas ang bilang ng *registered users* ng konek2CARD ng 285% sa loob lamang ng isang taon.

Dahilan din ng paglaking ito ay mula sa tulong ng konek2CARD *agents*, na kapwa mga kliyente rin ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO), CARD Bank, CARD SME Bank, at CARD MRI Rizal Bank (CARD RBI). Sila rin ay akreditado ng CARD MRI upang magsagawa ng mga pampinansyal na trasaksyon sa mga komunidad. Bahagi rin ng pagtaas ng bilang ng konek2CARD *users* ay ang pagtaas ng bilang ng konek2CARD *agent* na umabot na sa 17,958.

Pinasalamatan naman ni CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito ang lahat ng mga kawani, kliyente, at buong komunidad ng CARD MRI na sumuporta at naging katuwang sa pagtamo ng tagumpay na ito. Binigyang-diin din ni Dequito ang pagsuporta nito sa inisyatibo ng pamahalaan na isulong ang *financial inclusion* sa bansa.

Ayon naman kay konek2CARD Champion and Head of Committee Cynthia B. Baldeo, marami pang dapat asahan na mas pinagandang bersyon ng konek2CARD, ang konek2CARD Plus. Gagawin ng iisa ang lahat ng *mobile banking app* para sa lahat ng kliyente ng CARD MRI. Dapat ding abangan ang mas pinahusay na seguridad ng paggamit ng *mobile banking app* at mas madaling paggamit nito.

Sa pagtatapos ng selebrasyong ito, ipinangako naman ng pamunuan ng CARD MRI na mas pagbubutihin pa nito ang mga *digital* na inisyatibo niyo upang mas mahusay ring matulungan ang pamilyang Pilipino at sa huli ay mawakasan na ang kahirapan sa bansa.

# CARD MBA, binuksan ang ika-80 provincial office nito

***ni Lynfa Tan***

Muling nagbukas ng panibagong provincial office ang CARD MBA sa Tamag, Vigan City, Ilocos Sur noong Abril 25.

Ang pagbubukas ng panibagong tanggapan ng CARD MBA ay pamamaraan ng Asosasyon upang palakasin ang presensya nito sa mas malawak na komunidad. Ito rin ay makatutulong upang mapabilis ang pagpoproseso ng *claims benefits* ng mga nakaseguro sa CARD MBA.




*Dinaluhan ng pamunuan ng CARD MBA ang pagbubukas ng ika-80 provincial office ng CARD MBA sa bansa. Ang mga nasa larawan ay sina (kaliwa-pakanan, taas-pababa) Ilocos Sur 1 Provincial Manager Princess Ann Castillo, La Union Provincial Manager Alejandro Rebaula, Ilocos Norte Provincial Manager Leizel Bellen, and Ilocos Sur 2 Provincial Manager Angielicah Palmones, Luzon 1 Cluster Manager Rose Navarro, Operations Director Oliver Reyes, at Luzon 1 Deputy Director for Operations Gina Nevado.*

KWENTONG TURISMO

# Pinalakas na kababaihan, pagbangon ng turismo

***ni Caroline Alejo***



Ang turismo ay isa sa mga pinakaepektibong pamamaraan sa pagpapalakas ng mga kababaihan. May kakayahan silang bumuo at magmay-ari ng mga negosyo, makagawa ng trabaho para sa kanilang komunidad, at higit sa lahat, ay maging kinatawan ng kasaysayan, kultura, at kapaligiran.

Nang sumibol ang mga inisyatibo ng pamahaalan at pribadong sektor upang mabigyan ng oportunidad ang mga kababaihan, lumaganap naman ang COVID-19 na nagpahinto sa kanilang pag-usad patungong pag-unlad. Makalipas ang dalawang taon, unti-unti ng bumabangon ang industriya ng turismo mula sa hagupit na idinulot ng pandemya.

Upang maisagawa ito, kinakailangan na muling ibangon ang turismo na magpapatatag at magpapalakas sa mga kababaihan. Ang paglalakbay sa pagbibigay ng lakas sa ating mga kababaihan ang nagbukas ng maraming oportunidad sa industriya ng turismo.

Isang magandang halimbawa ay ang grupo ng kababaihan na tinatawag na "Mga Mangingisda at Bangkera ng Lawa ng Pandin" sa San Pablo City, Laguna. Mula sa pagiging simpleng maybahay, naging grupo sila ng *entrepreneurs* na hindi lamang nakatutulong sa kanilang pami-pamilya, ngunit maging sa pagpapayaman ng kanilang kapaligiran, kultura, at pamayanan. Dahil dito, mayroon na silang maipagmamalaki. Hindi man ito naging madali dahil may mga panahong nawawalan sila ng pag-asa, ngunit sa katatagan ay kinakaya nilang basagin ang mga hadlang sa kanilang pag-usad.

Malaki ang kontribusyon ng kababaihan sa industriya ng turismo. Sila ang naghahatid ng iba't ibang klase ng serbisyo tulad ng *tour guiding* at pagbuo ng mga produktong *handicrafts*, mga habing tela, mga pagkain, at iba pa. Maliban sa suporta ng gobyerno, malaki ang maitutulong ng mga institusyon mula sa pribadong sektor sa pagpapalakas ng kakayahan ng mga kababaihan na nasa turismo.

Tulad na lamang ng CARD MRI na pinagsama ang turismo at *financial inclusion* sa bansa. Ang mga kababaihan sa Pandin ay unang nagsasagwan ng mga balsa sa lawa habang ang kanilang mga asawa ay may kaniya-kaniyang trabaho sa labas ng kanilang komunidad. Mula sa serbisyong pampinansyal na kanilang natatanggap, ang mga kababaihang ito ay may akses na sa *loans* at *savings* na nakatutulong upang maisaayos nila ang kanilang mga balsa, magsimula ng bentahan ng pagkain, at negosyong pangtransportasyon upang maihatid ang pangangailangan ng kanilang pamilya.

Ang Hijos Tours, isa sa mga kompanya ng CARD MRI, ang tumutulong naman sa komunidad ng

KWENTONG TAGUMPAY

# Buhay sa likod ng manibela

***ni Maria Czarina Sanigan***



*Si Liza Ganabol, 43, ay nagmamaneho ng traysikel ng kaniyang namayapang asawa sa bayan ng Pola sa Oriental Mindoro upang maitaguyod ang kaniyang pamilya*

Naghahari ang mga bus, dyip, at traysikel sa ating lansangan at kadalasang mga kalalakihan ang nagmamaneho nito, samantala ang mga kababaihan ay kadalasang nasa pampasaherong upuan lamang. Gayunpaman, may isang babae sa bayan ng Pola, Oriental Mindoro ang naglakas-loob na humawak na manibela, ang nag-iisang babaeng nagmamaneho ng pampasadang traysikel sa kanilang barangay.

Sa likod ng lakas na ipinapakita ni Liza Ganabol ay isa ring kwento ng kahinaan. Nang masuri na mayroong *diabetes* ang kaniyang asawa taong 2001, kinailangan ni Liza na humanap ng paraan upang maibigay ang kinakailangang gamutan nito. Si Liza na ang nagmaneho ng traysikel ng kaniyang asawa sa tuwing dadalhin niya ito sa ospital para sa lingguhang *insulin medication* nito. Pilit niyang binalanse ang oras sa pag-aalaga sa kaniyang asawa, sa kaniyang mga anak, at ang kaniyang trabaho sa kanilang sakahan.


Matapos ang dalawang dekadang paglaban ay pumanaw na ang kaniyang asawa noong Setyembre 2021. Mula noon, siya na ang nagmanibela ng kanilang buhay. Nang magsimula siyang tumayo bilang padre de pamilya, lakas-loob niyang iminamaneho ang kanilang traysikel sa bayan ng Pola. Sa gitna ng mga pagsubok na ito, pinanghinaan din siya ng loob. Mabuti na lamang at naging katuwang niya ang CARD MRI upang magsilbing gasolina at magpatuloy sa pag-arangkada ng buhay.

Bilang miyembro ng CARD Bank, awtomatikong naging miyembro si Liza ng CARD MBA. Nang mamatay ang kaniyang asawa, nakatanggap sila ng PHP 70,000 mula sa Asosasyon na nakatulong upang

KWENTONG TAGUMPAY

## Paghahabi patungong tagumpay

*ni Lynfa Tan*



*Mula pangkabuhayan patungong libangan. Labing dalawang taon na ang nakalipas, sinimulan ni Mary Ann Parado ang paghahabi ng buli bags bilang kaniyang hanapbuhay. Ngayong humusay na ang kaniyang pamumuhay, patuloy siyang naghahabi ng mga ito upang magdala ng kaligayan sa mga tao.*

Sa mahabang panahon, ang paggawa ng mga *handicraft* ay isa sa mga pangunahing negosyo sa Pilipinas. Ang mga *handicraft* ang nagpapakilala sa pamana at kultura ng ating bansa. Sa probinsya ng Quezon, isa sa mga kilalang *raw product* ay ang buli.

Ang punong ito ay nagsilbing inspirasyon sa probinsya upang maging kilalang kolektibong yaman nito.

Isa sa mga nakikinabang sa yamang ito ay si Mary Ann Parado. Isa siyang manghahabi at *microentrepreneur* ng mga produktong yari sa buli. Una siyang gumawa ng mga ito noong 2010 na nakatulong sa kaniya upang maitaguyod ang kaniyang pamilya. Ngunit hind sa lahat ng pagkakataon ay naging mahusay ang kaniyang paghahabi ng kaniyang kwentong tagumpay. May pagkakataon ding nawalan siya ng pag-asa. Isang pagkakataon ay noong tumanggap siya ng order mula sa tatlong mamimili ngunit hindi siya binayaran ng mga ito. Ito ang umubos sa kapital ng kaniyang negosyo.

Ito ang pagkakataon nang makilala niya ang CARD Bank. Nakatulong ang bangko upang maibangon niyang muli ang kanilang kapital. Ngayon, ang kaniyang mga produkto ay nakakaabot na sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Nang tumama ang COVID-19, inangkop niya ang kaniyang negosyo sa pagbabagong dala nito. Nagsimula siyang magbenta *online* ng kaniyang mga produkto, na siyang nagpalawak ng kaniyang network sa loob at labas ng bansa.

Sa ngayon, si Mary Jane ay kliyente ng CARD Bank sa loob ng 12 taon, samantalang ang kaniyang asawa ay kliyente ng rin ng bangko sa loob ng apat na taon. Malaki ang naitulong ng institusyon upang mapanatili nila ang operasyon ng kanilang negosyo at magpatuloy sa paghahabi ng kanilang tagumpay.

## Pinalakas na kababaihan ...

3

mga kababaihan na ito sa pamamagitan ng pagbuo ng isang *tour program* na kasama ang serbisyo nila para sa mga turista. Mahalaga ang boses at pananaw ng mga kababaihan sa paglago ng turismo. Habang patuloy na bumabangon ang turismo, patuloy natin silang tulungan upang patuloy din nating mapalago ang turismo ng bansa.



# THE NOBLE ACT OF SACRIFICE

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
CARD MRI Founder and Chairman Emeritus

***April, almost at an end, seems portentous. It is a month that resonates with sacrifice.***

***As I write this piece, a mother somewhere has skipped a meal to feed her hungry child; a laborer with co-morbidity has gone out to work despite the risk of COVID to provide for his family; a rural development worker was gunned down on his way to help an indigenous community in a far-flung area;***

***Selfless acts happen around us all the time. Yet, many seem unaware that it takes a lot of courage and integrity to sacrifice one's needs for the benefit of another individual.***

***This reminds me of the conversation I had with one of my colleagues. I met Leslie Marcaida in the course of my field visit to Masbate, where she has recently returned as CARD Bank Regional Director. Leslie is one of our best-performing staff from CARD. Her journey has not been easy, having grown up in one of the country's poorest provinces.***

***Because of its socio-economic profile, Masbate has played a strategic role in CARD's evolution as a social development institution. CARD invested time and resources to make the people understand the benefits of their social development programs. CARD persevered, and after some time, Masbate became one of its best success stories.***

***Leslie considers joining CARD as one of her greatest blessings, as this allowed her to help many people. But this entailed a lot of sacrifices on her part. Leslie valued her work even at the start, seeing how CARD's services are transforming the lives of her poor kababayans.***

***Leslie's story of sacrifice is typical of many parents and rural development workers everywhere. They are like seeds. A seed planted in the ground sprouts and grows into a tree. The seed sacrifices itself to the tree, outwardly destroyed. But that seed which has been sacrificed is absorbed and embodied in the tree, its branches, leaves, flowers, and fruits. It continues to live, paving the way for other seeds to come into being.***

***That is the beauty of sacrifice. As we walk a path of service to others, our actions gradually change who we are. Sacrifice transforms us, releasing strength within us that connects us to something far greater than ourselves.***

*To read more, visit https://www.cardmri.com/?p=4462*

## Buhay sa likod ng ...

3

makapagsimula ulit ang kanilang pamilya. Mula sa natanggap na *insurance claims,* nakatulong din ito upang mabayaran ang lumobong matrikula ng kaniyang mga anak sa paaralan dahil sa napunta ang kanilang pera sa medikasyon ng kaniyang yumaong asawa.

Nagpapatuloy na maglalakbay ang traysikel ni Liza sa buong bayan ng Pola kasama ang CARD MRI.